



## Manual ng Patakaran sa Crown Counsel - Panimula

Epektibong Petsa:

Marso 1, 2018

### Layunin

Ang malaya, makatarungan, at epektibong prosekusyon ay mahalagang alituntunin ng batas. Ang sistema ng hustisya ay sinusuportahan ng isang mahusay na patnubay sa mga patakaran, na nakakatulong sa Crown Counsel na makagawa ng mahihirap na mga desisyon na dapat nilang gawin para sa interes ng publiko.

Ang Manual ng Patakaran sa Crown Counsel ay nagbibigay ng kapwa pangkalahatan at ispesipikong patnubay ng sitwasyon sa Crown Counsel sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin, kabilang ang mga napakahalagang pagsasaalang-alang sa prosekusyon tulad ng pag-aseso ng hablá, mga alternatibong hakbang, at mga pag-uusap sa resolusyon.

Ang mga patakaran ay mga pampublikong dokumento. Ang paglalathala ng mga ito ay para sa layunin ng transparency. Nakatutulong itong ipaliwanag kung paano ginagawa ang mga serbisyo ng prosekusyon at kung paano ginagampanan ng prosecutors ang kanilang konstitusyunal na kalayaan para sa pampublikong interes sa mga indibidwal na kaso.

Ang Manual ng Patakaran sa Crown Counsel ay walang status ng batas. Hindi ito nagpapawalang-bisa sa anumang paraan sa *Criminal Code*, *Canadian Charter of Rights and Freedoms* o iba pang mga naaangkop na batas at wala itong layuning magbigay ng legal advice sa publiko o gumawa ng anumang mga karapatan na maaaring ipatupad ng batas sa anumang legal na pamamaraan.

### Kahulugan ng Mga Salita

Ang BC Prosecution Service ay ang Criminal Justice Branch ng Ministry of Attorney General (kilala rin bilang "Branch"). Ang paggamit ng mga salitang ito ay maaaring pagpalit-palitin sa buong Manual ng Patakaran sa Crown Counsel. Bukod pa rito, ang anumang pagtukoy sa patakaran sa manual na ito ay isang reference sa patakaran ng BC Prosecution Service, maliban kung malinaw na nabanggit.

Sa loob ng Manual ng Patakaran sa Crown Counsel, mayroong isang mahalagang pagkakaiba din sa mga salitang "kailangan" at "dapat":

Ang ibig sabihin ng “ang Crown Counsel ay kailangan na,” ay kalimitang susundin ng Crown Counsel ang mga alituntunin ng patakaran, maliban kung sa tingin nila na ang interes ng katarungan ay nangangailangan ng isang desisyon na hindi naayon sa patnubay na patakaran.

"Ang Crown Counsel ay dapat" na kumuha ng direksyon mula sa Assistant Deputy Attorney General (ADAG) sa ilalim ng seksyon 4 (3) ng *Crown Counsel Act*.

### **Pananaw, Layunin, at mga Mahalaga**

Ang [Pananaw, Layunin, at mga Mahalaga](#) sa Branch ay kinakailangan sa pagbubuo at interpretasyon ng patakaran ng Branch. Ang mga ito aay ng pundasyon na pumapatnubay sa lahat ng miyembro ng Branch sa pagpapatupad ng kanilang mga tungkulin at responsibilidad.

### **Mandate ng Branch**

Sa ilalim ng *Crown Counsel Act*, R.S.B.C. 1996, c.87, ang Branch ay may pananagutan sa pag-apruba at pagsasagawa, sa ngalan ng Crown, ng lahat ng mga criminal at regulatory prosecutions at mga apela na hindi sakop ng hurisdiksyon ng Pamahalaan ng Canada. Ang Branch ay pinangangasiwaan ng Assistant Deputy Attorney General (ang "ADAG"), na alinsunod sa seksyon 3(2) ay legal na kinatawan ng Attorney General para sa mga layunin ng *Criminal Code*. Sa kabilang banda, ang ADAG ay nagtatalaga o naghihirang ng Crown Counsel, *ad hoc* legal counsel, at mga espesyal na prosecutors upang aprubahan at magsagawa ng mga prosekusyon at pag-apela, sa ngalan ng Crown.

Pinamamahalaan din ng *Crown Counsel Act* ang relasyon ng Branch at ng pamahalaan sa isa't-isa sa pamamagitan ng Attorney General, at nagbibigay ito sa Branch ng sapat na kalayaan upang gawin ang mandate nito. Kinakailangan na ang anumang direksyon mula sa Attorney General sa alinmang Branch policy o ispesipikong mga prosekusyon ay nakasulat, at ito'y maaaring ilathala sa BC Gazette. Kasabay nito ay binabalanse ang kalayaang iyon ng accountability.

## Tungkulin ng Crown Counsel

Ang Crown Counsel ay inilalarawan ng mga korte bilang "mga ministro ng hustisya." Ang kanilang mga tungkulin ay inilarawan bilang "quasi-judicial." Ang Crown Counsel ay dapat gumawa ng patas na pagpapasya, nang walang kinikilingan, nang matapat, at nang alinsunod sa pinakamataas na pamantayan ng etika. Ang pulitikal, personal, at pribadong mga pagsasaalang-alang ay 'di dapat makaapekto sa paraan kung paano magtrabaho ang mga prosecutors. Ang papel at tungkulin ng Crown Counsel sa ating sistema ng hustisya ay inilarawan ng mga korte sa mga sumusunod na termino:

*Hindi kabilang sa tungkulin ng mga prosecutor ang anumang paniwalang mananalo o matatalo; ang kanyang tungkulin ay isang pampublikong tungkulin na kung saan sa buhay sibil ay maaaring walang maihahabla nang may mas malaking personal na responsibilidad. Ito ay dapat na mahusay na maisagawa nang may dignidad, nang may kaseryosohan, at nang may pagkamakatarungan na judicial na paglilitis.*

(R v Boucher (1954), 110 CCC 263 (SCC) at 270, Rand J.)

*Ang papel na ginagampanan ng Crown Attorney sa pangangasiwa ng katarungan ay mahalaga sa mga korte at sa komunidad. Ang Crown prosecutor ay dapat matapang na magpatuloy sa harap ng mga pagbabanta at mga pagtangkang pananakot ... Ang prosecutor ng Crown ay dapat maging simbolo ng pagkamakatarungan, dapat maliksing gumawa ng lahat ng mga makatwirang pagsisiwalat ngunit mas maingat na bigyan ng pansin ang kapakanan at kaligtasan ng mga witness. Malaki ang inaasahan ng mga korte sa mga Crown prosecutor. Tinitingnan ng komunidad ang Crown prosecutor bilang simbolo ng awtoridad at bilang isang tagapagsalita para sa komunidad tungkol sa mga kriminal na usapin ... Malaki ang tiwalang ibinibigay ng mga korte at ng publiko sa Crown prosecutor.*

(R v Logiacco (1984), 11 CCC (3d) 374 (Ont CA), per Cory JA)

## Alituntunin ng Batas

Sa paghahatid ng mga serbisyo sa prosekusyon, ang Branch ay pinamamahalaan at sumusunod sa alituntunin ng batas. Isinasaalang-alang ng alituntunin ng batas -- at sa katunayan ay iniaatas ng konstitusyon -- na sa pag-apply ng mga hukom ng batas at juries sa mga kriminal na usapin ay magsasagawa ng mga walang kinikilingan na pag-aseso ng mga nakuhang ebidensya, kabilang ang testimonya na ipinahayag ng mga saksi, at na ang lahat ng tao ay pantay-pantay sa harap ng batas. Sa pagpapatupad ng kanilang tungkulin bilang quasi-judicial ministers ng katarungan, tungkulin ng Crown Counsel na manatiling may kaalaman at respetuhin ang kapwa mga prinsipyo at masigasig na i-apply ang mga ito nang walang kinikilingan, nang hindi matwid, o bias. At partikular na susuriin ng Crown Counsel ang lakas ng bawat kaso sa palagay na ang hukom o judge and jury ay kumikilos din alinsunod sa mga prinsipyong ito.

## Pagbalanse ng Patakaran at Prosecutorial Discretion

Ang pangunahing layunin ng patakaran ay ang tulongan ang Crown Counsel sa kanilang paggawa ng desisyon sa mga mahahalagang isyu. Ang mga ispesipikong patakaran ay sumasalamain sa mga angkop na pagsasaalang-alang sa interes ng publiko at nagbibigay ng patnubay para sa pagpapasya. Kung naaangkop, ang Crown Counsel ay hihingi ng karagdagang payo at pag-apruba. Sinasalamain din ng mga patakaran ang jurisprudence (pilosopiya ng batas) na namamahala sa lawak at wastong pagsasagawa ng prosecutorial discretion o kung maghahabla o hindi.

Kahit na ang pinakamatataas na Crown Counsel ay hihingi ng payo sa mga kasamahan nila at, kapag kailangan ng patakaran, sa pag-apruba ng mga supervisor. Ang legal landscape ay patuloy na nagbabago: mga batas at jurisprudence, teknolohiya, alituntunin ng korte, at mga pamamaraan. Ang pagsangguni sa patakaran ay maaaring maging kapaki-pakinabang lalo na sa hindi pamilyar na mga areas of practice o pamamaraan.

Ang prosecutorial discretion ay may konstitusyonal at makasaysayang konteksto. Ginagawa lamang ito sa loob ng balangkas ng ating mga legal na tradisyon at batas. Bilang mga itinalagang agents ng Attorney General, ang Crown Counsel ay naglilingkod sa isang mas malawak na sistema ng hustisya at ina-apply nila ang kanilang kadalubhasaan alinsunod sa mga limitasyon ng mga panuntunan na nagmula sa ilang daang taon ng legal jurisprudence.

Ang Attorney General ang may katungkulan sa lahat ng prosekusyon sa probinsiya, at dapat nito tuparin ang konstitusyonal na tungkuling ito sa isang malaya at judicial na paraan. Itinatakda ng Attorney General ang tungkuling ito sa Crown Counsel, na nagsasagawa ng prosekusyon sa ngalan ng Attorney General. Ang Attorney General ang namamahala sa tungkuling ito, at ito naman ay nananatiling nananagot din sa Lehislatura para sa lahat ng awtoridad ng prosekusyon.

Ang Crown Counsel ay malaya sa punto na ipinatutupad nila ang kapwa independiyenteng pagpapasya na likas na tungkulin ng Attorney General. Bilang agents ng Attorney General, gayunpaman, hindi maaaring ipabago ng Crown Counsel sa Attorney General ang pagsasagawa ng kanilang pagpapasya.

Ang patakaran ay nagbibigay ng accountability sa Attorney General at isang naaalinsunod at may prinsipyong aplikasyon ng prosecutorial discretion. Sa kahulihan ay layunin nito ang mapahusay ang tiwala ng publiko sa sistema ng hustisya.

Sa kabilang banda, ang tamang pagsasagawa ng prosecutorial discretion ay hindi nangangailangan o nagpapahiwatig ng slavish application (parang alipin) na patakaran sa bawat desisyon. Ang patakaran ay nagbibigay patnubay, ngunit hindi ito maaari at 'di

nito dapat idikta ang resulta sa bawat kaso. Kailangan ng Crown Counsel na gumawa ng mga desisyong angkop sa mga natatanging sirkumstansya ng bawat kaso.

Maaaring kailanganing isaalang-alang ng mga patakaran ang ispesipikong mga interes ng publiko o kailanganin konsultahin o magbigay ng approval ang ispesipikong senior members ng Branch sa mga angkop na sitwasyon. Gayunpaman, ang patakaran ay 'di dapat ganap na umangkop sa pagsasagawa ng Crown Counsel ng prosecutorial discretion. Ang pagpapanatili ng kalayaan sa tungkulin ng ministro ng hustisya ay mahalaga. Sa ganitong dahilan, lubos na kakaunti ang mga patakaran na naglalaman ng ipinag-uutos na directives. Kung saan ginagawa nila ito, karaniwang nag-iiwan sila ng puwang upang maisaalang-alang ang mga natatanging dahilan para matiyak na maayos na maisaalang-alang ng pagpapasya ang lahat ng mga dahilan na nakakaapekto sa isang partikular na kaso. Kahit sa mga sitwasyon kung saan ang mga patakaran ay 'di malinaw na nagbibigay para dito, maaari lagi humingi ang Crown Counsel ng pahintulot mula sa ADAG na hindi gamitin ang patakaran kung sa pagsasagawa ng kanilang prosecutorial discretion ay itinuturing ng Crown Counsel na kinakailangan matiyak ang isang makatarungang resulta.